ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# WIKANG LUISIANAHIN: PAGBUO NG DIKSYUNARYONG KULTURAL SA PAGLINANG NG LOKAL NA WIKA

**Florabel Merin Jovellana**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw sa Wikang Luisianahin: Batayan sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural. Nilalayon na masuri ang demograpikal na profayl ng mga tagatugon batay sa edad, tagal ng paninirahan at edukasyonal na antas. Maging ang antas ng kaalaman sa Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika batay sa Kalinawan ng Kahulugan, Antas ng Pag-unawa, Kaangkupan, Hikayat sa Gamit, Kultural na Konteksto, Disenyo at Teknikal na Pormat. Masuri ang antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga tagatugon batay sa Pagkakaroon Ng Interes, Pamilyaridad, Patuloy na Paggamit ng Lokal na Wika, Pagtaas ng Kasanayan, Pagpapahalaga at Pagtanggap ng Komunidad.*

*Gumamit ang mananaliksik ng deskriptibong-korelasyonal na disenyo ng pananaliksik. Ang pag-aaral ay kinasangkutan ng isang daan at walumpung (180) tagatugon na binubuo ng mga mag-aaral at mamamayan. Ginamit ang Mean at Weighted Mean upang masukat ang antas ng mga baryabol, at Multiple Regression Analysis upang matukoy ang ugnayan at epekto ng mga salik sa paglinang ng lokal na wika.*

*Ipinakita ng resulta na ang demograpikal na profayl ng mga tagatugon, kabilang ang edad, tagal ng paninirahan, at edukasyonal na antas, ay magkakaiba ngunit hindi naging hadlang sa paglinang ng lokal na wika. Ang lahat ng aspeto ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural, mula Kalinawan ng Kahulugan hanggang Teknikal na Pormat, ay nakatamo ng tugon na Lubhang Mabisa, na nagpapakita ng malinaw, angkop, at kaaya-ayang diksyunaryo. Kasabay nito, ang Paglinang ng Lokal na Wika ng mga tagatugon ay Lubhang Mabisa rin sa lahat ng aspeto, kabilang ang interes, pamilyaridad, paggamit, pagpapahalaga, at pagtanggap ng komunidad. Gayunpaman, natuklasan na walang makabuluhang ugnayan ang demograpikal na profayl at kaalaman sa Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa aktibong Paglinang ng Lokal na Wika.*

*Ang mga natuklasan, inirerekomenda na patuloy na isama at pagyamanin ang paggamit ng lokal na wika sa mga gawain sa paaralan at komunidad. Hinihikayat ang mga guro at magulang na lumikha ng mga aktibidad na magpapalakas sa pakikilahok at aktibong paggamit ng lokal na wika, at ang mga tagagawa ng diksyunaryo ay dapat ipagpatuloy ang pagpapaunlad ng materyal na pang-edukasyon. Para sa mga susunod na mananaliksik, mainam na tuklasin ang iba pang salik tulad ng motibasyon, suporta ng komunidad, at interaktibong paggamit ng wika na maaaring makaapekto sa Paglinang ng Lokal na Wika ng mga mag-aaral Sa pagbibigay-linaw ng lagom ng mga natuklasan, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuoBatay sa resulta ng pag-aaral, unang napag-alaman na walang makabuluhang ugnayan ang demograpikal na profayl ng mga tagatugon kabilang ang edad, tagal ng paninirahan, at edukasyonal na antas sa Paglinang ng Lokal na Wika. Ipinapakita nito na ang personal na katangian ng mga tagatugon ay hindi nakakaapekto sa kanilang antas ng paggamit at pagpapahalaga sa lokal na wika.*

*Pangalawa, natuklasan din na walang makabuluhang ugnayan ang kaalaman sa Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika. Ipinapahiwatig nito na, sa kabila ng mataas na antas ng kaalaman sa diksyunaryo, hindi ito direktang nakahuhula o nakakaapekto sa aktibong paglinang ng lokal na wika ng mga tagatugon.*

*Sa kabuuan, malinaw na sa grupong pinag-aralan, ang Paglinang ng Lokal na Wika ay hindi nakadepende sa demograpikal na profayl o sa kaalaman sa diksyunaryong kultural, at nangangailangan ng iba pang salik upang higit na mapaunlad ang paggamit at pagpapahalaga sa lokal na wika.*

**SUSING SALITA***: Wikang Luisianahin, Diksyunaryong Kultural, Wika, Kultura, Leksikograpiya*

## 1. PANIMULA

Ang wika ay hindi lamang isang kasangkapan ng komunikasyon, kundi isang salamin ng kultura, kasaysayan, at pagkakakilanlan ng bawat pamayanan. Sa bawat bigkas ng salita ay nakaukit ang alaala ng nakaraan, ang karanasan ng kasalukuyan, at ang pangarap para sa hinaharap. Subalit sa gitna ng modernisasyon at globalisasyong nagbabago sa takbo ng lipunan, unti-unting nababawasan ang pagpapahalaga sa mga lokal at katutubong wika. Marami sa mga ito ay nanganganib na mawala, kasama ang kanilang mga kahulugan, gamit, at kahalagahang kultural.

Ayon kay Santiago (2020), ang wika ay may mahalagang papel sa paghubog ng pambansang kamalayan at lokal na identidad; kapag ang wika ay nawawala, kasabay nito ang pagpanaw ng bahagi ng kaluluwa ng isang lipunan. Tunay na ang mga katutubong wika ay mayaman sa kasaysayan, panitikan, at ekspresyong sumasalamin sa pamumuhay, paniniwala, at damdamin ng mamamayan. Gayunpaman, sa kakulangan ng dokumentasyon, sistematisasyon, at pormal na pagkilala, ang mga ito ay napapalitan ng mas dominanteng wika at tuluyang nalilimutan.

Sa ulat ng Komisyon sa Wikang Filipino (2020), binigyang-diin na ang sistematikong dokumentasyon ng mga katutubong wika ay isang mahalagang hakbang, hindi lamang upang mapanatili ang mga ito, kundi upang maisama rin sa mga araling pangwika, panitikan, at edukasyon. Samantala, ipinahayag ni Shard (2016) na ang mga kagamitang pampagkatuto ay kailangang nakaangkla sa mga layuning pangkurikulum upang maging makabuluhan ang pagkatuto at mapalalim ang kultural na kamalayan ng mga mag-aaral.

Sa ganitong pananaw, nagiging mahalagang hakbang ang pangangalap at pagsusuri ng mga lokal na salita, kahulugan, at gamit sa kanilang kultural na konteksto. Ang bawat salita ay nagtataglay ng bakas ng kasaysayan, karanasan, paniniwala, at gawi ng mga mamamayan; kaya't ang pagdokumento sa mga ito ay hindi lamang simpleng paglilista ng bokabularyo kundi isang masusing proseso ng pag-unawa sa kultural na identidad ng isang lugar. Sa pamamagitan ng paglinang ng interes sa mga katutubong termino at ekspresyon, nabibigyang-daan ang pagsusuri kung paano ginagamit ang wika sa pang-araw-araw na buhay, tradisyon, at ugnayang panlipunan ng pamayanan.

Kaugnay nito, ang pag-aaral na pinamagatang "Wikang Luisianahin: Batayan sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural" ay nakatuon sa pangangalap at pagsusuri ng mga datos na magsisilbing pundasyon sa hinaharap na pagbuo ng isang diksyunaryong kultural. Hindi pa saklaw ng pag-aaral ang aktwal na pagbuo ng diksyunaryo, bagkus ay ang pagtukoy sa mahahalagang salita, kahulugan, at kontekstong kultural na maaaring maging batayang sanggunian.

Samakatuwid, ang pananaliksik na ito ay naglalayong makapag-ambag sa pagpapanatili at pagpapayaman ng Wikang Luisianahin sa pamamagitan ng sistematikong pangangalap ng datos, na magsisilbing mahalagang hakbang sa pagpapatibay ng lokal na identidad at pagpapaunlad ng kamalayang pangwika at pangkultura ng mga mamamayan ng Luisiana, Laguna.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Sa pananaliksik na ito, upang mataya ang kabisaan ng Wikang Luisianahin: Batayan sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika. Ang pag-aaral na ito ay ginabayan ng mga sumusunod na katanungan:

1. Ano angdemograpikal pfofayl ng mga tagatugon batay sa:
   1.1 Edad;
   1.2 Tagal ng paninirahan; at
   1.3 Edukasyonal na antas?
2. Ano ang lebel ng kaalaman sa Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural batay sa:
   2.1 Kalinawan Ng Kahulugan;
   2.2 Antas Ng Pag-Unawa;
   2.3 Kaangkupan;
   2.4 Hikayat Sa Gamit;
   2.5 Kultural Na Konteksto;
   2.6 Disenyo; at
   2.7 Teknikal Na Pormat?
3. Ano ang antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga tagatugon batay sa:
   3.1 Pagkakaroon Ng Interes;
   3.2 Pamilyaridad;
   3.3. Patuloy Na Paggamit Ng Lokal Na Wika;
   3.4 Pagtaas Ng Kasanayan;
   3.5 Pagpapahalaga; at
   3.6 Pagtanggap Ng Komunidad?
4. May makabuluhang ugnayan ba ang demograpikal profayl sa Paglinang ng Lokal na Wika?
5. May makabuluhang ugnayan ba ang kaalaman sa Wikang Luisianahin batayan sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural Paglinang ng Lokal na Wika?

## 2. METODOLOHIYA

Gumamit ang mananaliksik ng deskriptibong-korelasyonal na disenyo ng pananaliksik. Ang pag-aaral ay kinasangkutan ng isang daan at walumpung (180) tagatugon na binubuo ng mga mag-aaral at mamamayan. Ginamit ang Mean at Weighted Mean upang masukat ang antas ng mga baryabol, at Multiple Regression Analysis upang matukoy ang ugnayan at epekto ng mga salik sa paglinang ng lokal na wika.

## 3. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay nagpresenta ng iba't ibang resulta at ginamit ang mga nakalap na datos para talakayin ang mga kinalabasan ng pag-aaral. Lahat ng mga tiyak na tanong sa Kabanata 1 sa ilalim ng Pahayag ng Suliranin ay sinagot sa kabanatang ito na sinusuportahan ng mga talahanayan. Inilalahad nito ang mga datos na nakalap tungkol sa makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng demograpikal profayl ng mga tagatugon sa Paglinang ng Lokal na Wika, at makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika.

Sa partikular, nilalayon ng pag-aaral na matugunan ang mga sumusunod:


**Estado ng demograpikal profyal ng mga tagatugon**

Sa pag-aaral na ito, ang estado ng demograpikal profyal ng mga tagatugon batay sa Edad, Tagal ng Paninirahan at Edukasyonal na Antas.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang puntos, *frequency, percentage,* at paglalarawan mula sa marka ng mga tagatugon. Ang Grap bilang isa ay nagpapakita ng estado ng demograpikal profyal ng mga tagatugon batay sa Edad, sa kabuoang isang daan pitumpu at siyam na tagatugon, ang edad na *"12 hanggang 17 taong gulang*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na siyamnapu't walo (98) o 54.75% ng kabuoang tumugon**.** At ang edad na *"23 taong gulang pataas"* ay mayroong bilang na animnapu't pito (67) o 37.43% ng kabuoang tumugon**.** Habang ang edad na *"18 hanggang 22 taong gulang"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na labing-apat (14) o 7.82% ng kabuoang tumugon. Ipinapakita ng resulta na mas nakararami sa mga tagatugon ay kabilang sa mas batang pangkat ng edad, partikular ang 12 hanggang 17 taong gulang.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Figure 3. Edad ng Tagatugon**




Ang edad ay isang mahalagang baryabol sa pag-aaral ng paglinang ng lokal na wika dahil may epekto ito sa paraan ng paggamit, pag-unawa, at pagpapahalaga sa katutubong wika sa loob ng isang komunidad.

Ang Grap bilang dalawa ay nagpapakita ng estado ng demograpikal profyal ng mga tagatugon batay sa Tagal ng Paninirahan, sa kabuoang isang daan pitumpu at siyam na tagatugon, ang taon na *"11 hanggang 15 taong paninirahan*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na isang daan dalawampu at lima (125) o 69.83% ng kabuoang tumugon**.**





**Figure 4. Tagal ng Paninirahan ng Tagatugon:**

Habang ang taon na *"mahigit 15 taong paninirahan"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na limampu at apat (54) o 30.17% ng kabuoang tumugon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188





**Figure 5. Edukasyonal na Antas ng Tagatugon**

Grap bilang tatlo ay nagpapakita ng estado ng demograpikal profyal ng mga tagatugon batay sa Edukasyonal na Antas, sa kabuoang isang daan pitumpu at siyam na tagatugon, ang antas na *"Sekondarya*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na isang daan at labing dalawa (112) o 62.57% ng kabuoang tumugon**.** At ang antas na *"Kolehiyo"* ay mayroong bilang na tatlumpu't siyam (39) o 21.79% ng kabuoang tumugon**.** Habang ang antas na *"Elementarya"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na dalawa (2) o 1.12% ng kabuoang tumugon.

Ang edukasyunal na antas ay isang mahalagang salik sa pag-unlad ng kakayahang lingguwistiko ng isang tao, kabilang na ang paggamit, pag-unawa, at pagpapahalaga sa lokal na wika.

**Antas ng Katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ay tumutukoy sa Kalinawan Ng Kahulugan, Antas Ng Pag-Unawa**,** Kaangkupan**,** Hikayat Sa Gamit, Kultural na Konteksto, Kaangkupan, Disenyo, at Teknikal Na Pormat.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean*, *standard deviation*, mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

Talahanayan 1 Antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Kalinawan ng Kahulugan. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna. *Naiuugnay ng mag-aaral ang kanilang sarili at nailalahad ng malinaw ang mga kahulugan sa diksyunaryo at hindi naging mahirap unawain* na may (*M* = 5.00) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika sa mga tuntunin ng Kalinawan Ng Kahulugan at sinusuportahan ng (*SD* = 0.00).

Gayundin, *nagkakaroon nang malinaw na paliwanag sa bawat salita na tumugon sa antas ng pag-unawa bilang mambabasa at naiiwasan ang pagkalito sa kahulugan ng mga salita dahil sa maayos na paglalahad* na may puna na lubos na sumasang-ayon.

**Talahanayan 1.**

*Antas ng Katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Kalinawan Ng Kahulugan*

| ***Mga Pahayag*** <br> ***Bilang mag-aaral, naiuugnay ko ang aking sarili at…*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *…naiintindihan nang malinaw at madali ang mga kahulugang inilalahad sa diksyunaryo.* | 4.96 | 0.20 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nagkakaroon nang malinaw na paliwanag sa bawat salita na tumugon sa antas ng pag-unawa bilang mambabasa.* | 4.99 | 0.09 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…naiiwasan ang pagkalito sa kahulugan ng mga salita dahil sa maayos na paglalahad.* | 4.99 | 0.09 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nailalahad ng malinaw ang mga kahulugan sa diksyunaryo at hindi naging mahirap unawain.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nauunawaan ang konteksto ng mga salita dahil sa malinaw na depinisyon nito.* | 4.97 | 0.16 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* <br> *SD* <br> *Berbal na Interpretasyon* | 4.98 <br> 0.12 <br> Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Bagama't bahagyang mas mababa ang ($M$ = 4.96) na may ($SD$ = 0.20), ipinapapakita pa rin nito na *naiintindihan nang malinaw at madali ang mga kahulugang inilalahad sa diksyunaryo***.**

Ang antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Kalinawan Ng Kahulugan ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.98 at *standard deviation* na 0.12 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng resulta na ang malinaw at organisadong paglalahad ng mga kahulugan sa diksyunaryong kultural ay may mahalagang papel sa pagpapahusay ng pag-unawa ng mga mag-aaral, gayundin sa pagpapalaganap at pagpapahalaga sa Wikang Luisianahin bilang bahagi ng patuloy na paglinang at pagpapanatili ng lokal na wika at kultura.

**Talahanayan 2.**

*Antas ng Katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Antas Ng Pag-Unawa*

| ***Mga Pahayag*** ***Bilang mag-aaral, naiuugnay ko ang aking sarili at…*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *…nakatulong ang diksyunaryo upang mas malalim na naunawaan ang Wikang Luisianahin.* | 4.99 | 0.09 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nasusuri ang gamit at kahulugan ng mga lokal na salita sa tamang konteksto.* | 4.98 | 0.16 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nakapagbibigay gabay ang diksyunaryo upang malinaw ang kritikal na pag-unawa sa lokal na wika.* | 4.98 | 0.16 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nalilinang ang kahalagahan ng bawat salitang nilalaman nito.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nauunawaan ang gamit nang mga salita ng tama at angkop sa usapan.* | 4.93 | 0.26 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.97 | | |
| *SD* | 0.15 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Naiuugnay ng mag-aaral ang kanilang sarili at nalilinang ang kahalagahan ng bawat salitang nilalaman nito* na may ($M$ = 5.00) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika sa mga tuntunin ng Antas Ng Pag-Unawa at sinusuportahan ng ($SD$ = 0.00). Gayundin, *nakatulong ang diksyunaryo upang mas malalim na naunawaan ang Wikang Luisianahin* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ($M$ = 4.93) na may ($SD$ = 0.26), ipinapakita pa rin nito na *nauunawaan ang gamit nang mga salita ng tama at angkop sa usapan***.**

Ang antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Antas Ng Pag-Unawa ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.97 at *standard deviation* na 0.15 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng mga resulta na ang diksyunaryong kultural ay may mahalagang papel sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Wikang Luisianahin. Sa pamamagitan ng malinaw na paglalahad at makabuluhang pagpapaliwanag ng mga salita, napalalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang lokal na wika nang tama at angkop, na higit pang nagpapahalaga sa kanilang kultural na identidad at nag-aambag sa patuloy na paglinang at pagpapanatili ng lokal na wika.

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

**Talahanayan 3.**

*Antas ng Katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Kaangkupan*

| *Mga Pahayag* *Bilang mag-aaral, naiuugnay ko ang aking sarili at…* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *…natutukoy ang mga salitang nakapaloob sa diksyunaryo na naging angkop sa kultura at kasalukuyang gamit sa komunidad.* | 4.98 | 0.16 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…naiuugnay ang mga kahulugan na tumugma sa karaniwang gamit ng salita sa Wikang Luisianahin.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nababatid ang nilalaman ng diksyunaryo na umangkop sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral at guro.* | 4.98 | 0.13 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…naiintindihan na napapanahon ang mga salitang kasama sa diksyunaryo.* | 4.98 | 0.16 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nasusuri na ang diksyunaryo ay naging angkop gamitin sa paaralan at komunidad bilang pantulong sa pagkatuto.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.99 | | |
| *SD* | 0.11 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

*Naiuugnay ng mag-aaral ang kanilang sarili at naiuugnay ang mga kahulugan na tumugma sa karaniwang gamit ng salita sa Wikang Luisianahin at nasusuri na ang diksyunaryo ay naging angkop gamitin sa paaralan at komunidad bilang pantulong sa pagkatuto* na may (*M* = 5.00) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika sa mga tuntunin ng Kaangkupan at sinusuportahan ng (*SD* = 0.00).

Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.98) na may (*SD* = 0.16), ipinapakita pa rin nito na *natutukoy ang mga salitang nakapaloob sa diksyunaryo na naging angkop sa kultura at kasalukuyang gamit sa komunidad, nababatid ang nilalaman ng diksyunaryo na umangkop sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral at guro at naiintindihan na napapanahon ang mga salitang kasama sa diksyunaryo***.**

Ang antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Kaangkupan ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.99 at *standard deviation* na 0.11 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng mga resulta na ang diksyunaryong kultural ay lubos na angkop gamitin bilang pantulong na kagamitang pampagkatuto sa paaralan at komunidad. Ang pagkakatugma ng mga salita sa aktuwal na gamit, kultura, at kasalukuyang konteksto ng Wikang Luisianahin ay nagpapatunay na ang diksyunaryo ay epektibong kasangkapan sa pagpapalalim ng pagkatuto, pagpapahalaga sa lokal na kultura, at pagpapanatili ng buhay at dinamismo ng lokal na wika.

Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika.

**Talahanayan 4.**

*Antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Hikayat Sa Gamit*

| ***Mga Pahayag*** <br> ***Bilang mag-aaral, naiuugnay ko ang aking sarili at…*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *…nahihikayat gamitin ang diksyunaryo sa pag-aaral ng lokal na wika.* | 4.97 | 0.18 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…ninanais na ipagamit ito sa iba upang mas lalong makilala ang Wikang Luisianahin.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nauunawaan ang disenyo at nilalaman ng diksyunaryo.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nakahihikayat na gamitin ang diksyunaryong lokal na gamitin sa pang-araw-araw.* | 4.97 | 0.18 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nagkakaroon ng interes na gamitin ang diksyunaryo kaysa sa mga banyagang sanggunian sa pag-aaral ng wika.* | 4.99 | 0.09 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.99 | | |
| *SD* | 0.11 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation*, at mga puna. *Naiuugnay ng mag-aaral ang kanilang sarili at ninanais na ipagamit ito sa iba upang mas lalong makilala ang Wikang Luisianahin at nauunawaan ang disenyo at nilalaman ng diksyunaryo* na may (*M* = 5.00) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika sa mga tuntunin ng Hikayat Sa Gamit at sinusuportahan ng (*SD* = 0.00). Gayundin, *nagkakaroon ng interes na gamitin ang diksyunaryo kaysa sa mga banyagang sanggunian sa pag-aaral ng wika* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.97) na may (*SD* = 0.18), ipinapakita pa rin nito na *nahihikayat gamitin ang diksyunaryo sa pag-aaral ng lokal na wika at nakahihikayat na gamitin ang diksyunaryong lokal na gamitin sa pang-araw-araw***.**

Ang antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Hikayat Sa Gamit ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.99 at *standard deviation* na 0.11 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng mga resulta na ang diksyunaryong kultural ay hindi lamang nagsisilbing sanggunian kundi isang mabisang kasangkapan sa paghihikayat sa paggamit at pagpapalaganap ng Wikang Luisianahin. Sa pamamagitan ng kaaya-ayang disenyo, malinaw na nilalaman, at mataas na antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral, napalalakas ang interes at motibasyon na gamitin ang lokal na wika sa akademikong pag-aaral at sa pang-araw-araw na komunikasyon, na mahalagang ambag sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng lokal na wika at kultura.

**Talahanayan 5.**

*Antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Kultural na Konteksto*

| *Mga Pahayag* <br> *Bilang mag-aaral, naiuugnay ko ang aking sarili at…* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *…natutukoy sa diksyunaryo ang mga salitang may kultural na kahulugan sa Luisiana.* | 4.94 | 0.24 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nasusuri sa bawat salita ang kahulugang nakaangkla sa lokal na kaugalian at paniniwala.* | 4.99 | 0.09 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…naipapakita ang pag-uugnay ng salita sa tradisyon, kasaysayan, at kultura ng lugar.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| *…naiuugnay sa diksyunaryo ang kasaysayan at pinagmulan ng mga salitang ginagamit sa komunidad.* | 4.93 | 0.26 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nasasalamin sa diksyunaryo ang papel ng wika sa pagpapanatili ng kultura ng Luisiana.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.97<br>0.15<br>Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Naiuugnay ng mag-aaral ang kanilang sarili at naipapakita ang pag-uugnay ng salita sa tradisyon, kasaysayan, at kultura ng lugar at nasasalamin sa diksyunaryo ang papel ng wika sa pagpapanatili ng kultura ng Luisiana* na may (*M* = 5.00) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika sa mga tuntunin ng Kultural na Konteksto at sinusuportahan ng (*SD* = 0.00). Gayundin, *nasusuri sa bawat salita ang kahulugang nakaangkla sa lokal na kaugalian at paniniwala* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.93) na may (*SD* = 0.26), ipinapapakita pa rin nito na *naiuugnay sa diksyunaryo ang kasaysayan at pinagmulan ng mga salitang ginagamit sa komunidad*.

Ang antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Kultural na Konteksto ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.97 at *standard deviation* na 0.15 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng mga resulta na ang diksyunaryong kultural ay nagsisilbing mahalagang sisidlan ng tradisyon, kasaysayan, at paniniwala ng pamayanang Luisianahin. Sa pamamagitan ng malinaw na pag-uugnay ng mga salita sa kanilang kultural na pinagmulan, napalalakas ang kamalayan at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa lokal na kultura, habang pinagtitibay ang papel ng Wikang Luisianahin bilang daluyan ng identidad, alaala, at kolektibong karanasan ng komunidad.

**Talahanayan 6.**

*Antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Disenyo*

| *Mga Pahayag*<br>*Bilang mag-aaral, naiuugnay ko ang aking at…* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *…naiintindihan at kaaya-ayang tingnan ang pisikal na anyo ng diksyunaryo.* | 4.96 | 0.20 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nababatid nang malinaw at madaling basahin ang ginamit na typeface at sukat ng mga titik.* | 4.98 | 0.13 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…naipapakita ang disenyo sa madaling paghahanap ng salita.* | 4.99 | 0.09 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…naikakategorya ng maayos ang pagkakaayos at may sapat na espasyo sa bawat entry ng salita.* | 4.97 | 0.18 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nasusuri nang malinaw ang pagkakaprinta ng mga salita dahil sa maayos na typeface at laki ng titik.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.98<br>0.13<br>Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Naiuugnay ng mag-aaral ang kanilang sarili at nasusuri nang malinaw ang pagkakaprinta ng mga salita dahil sa maayos na typeface at laki ng titik* na may (*M* = 5.00) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika sa mga tuntunin ng Disenyo at sinusuportahan ng (*SD* = 0.00). Gayundin, *naipapakita ang disenyo sa madaling paghahanap ng salita* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.96) na may (*SD* = 0.20), ipinapapakita pa rin nito na *naiintindihan at kaaya-ayang tingnan ang pisikal na anyo ng diksyunaryo*.

Ang antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Disenyo ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.98 at *standard deviation* na 0.13 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng mga resulta na ang maayos at kaaya-ayang disenyo ng diksyunaryong kultural ay may mahalagang ambag sa pagiging epektibo nito bilang kagamitang pampagkatuto. Ang malinaw na typeface, angkop na laki ng titik, at organisadong estruktura ng mga salita ay nagpapadali sa paghahanap at pag-unawa ng impormasyon, na higit pang humihikayat sa mga mag-aaral na gamitin at pahalagahan ang Wikang Luisianahin sa kanilang pag-aaral at pang-araw-araw na komunikasyon.

Talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 7.**

*Antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Teknikal Na Pormat*

| *Mga Pahayag*<br>*Bilang mag-aaral, naiuugnay ko ang aking sarili at…* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *…naipapamalas ang estilo ng pagsulat at paglahad sa bawat nilalaman ng diksyunaryo.* | 4.97 | 0.18 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…natutukoy nang madali ang mga simbolo at marka sa diksyunaryo.* | 4.98 | 0.13 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…naiiugnay nang maayos at lohikal ang pagkakasunod ng mga salita sa diksyunaryo.* | 4.99 | 0.09 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nagagamit ng pamantayang pormat ang diksyunaryo tulad ng etimolohiya at bahagi ng pananalita.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…naipapaliwanag nang madali ang bahagi ng pananalita at gamit ng salita dahil sa pormat nito.* | 4.98 | 0.13 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.99<br>0.11<br>Lubhang Mabisa | | |

Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation*, at mga puna. *Naiuugnay ng mag-aaral ang kanilang sarili at nagagamit ng pamantayang pormat ang diksyunaryo tulad ng etimolohiya at bahagi ng pananalita* na may (*M* = 5.00) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika sa mga tuntunin ng Teknikal Na Pormat at sinusuportahan ng (*SD* = 0.00). Gayundin, *naiiugnay nang maayos at lohikal ang pagkakasunod ng mga salita sa diksyunaryo* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.97) na may (*SD* = 0.18), ipinapapakita pa rin nito na *naipapamalas ang estilo ng pagsulat at paglahad sa bawat nilalaman ng diksyunaryo*.

Ang antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Teknikal Na Pormat ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.99 at *standard deviation* na 0.11 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng mga resulta na ang wastong teknikal na pormat ng diksyunaryong kultural ay nakapagpapalakas sa kredibilidad at kahusayan nito bilang akademikong sanggunian. Ang malinaw na paglalapat ng etimolohiya, bahagi ng pananalita, at lohikal na pagkakaayos ng mga salita ay hindi lamang nagpapadali sa paggamit ng diksyunaryo kundi nagpapahusay din sa pag-unawa ng mga mag-aaral, na mahalagang salik sa epektibong paglinang at pagpapanatili ng Wikang Luisianahin.

Ang antas ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Antas Ng Pag-Unawa, Kaangkupan**,** Hikayat Sa Gamit**,** Kultural na Konteksto, Disenyo, at Teknikal Na Pormat ay nagkaroon ng *grand mean score* na 4.98 at *standard deviation* na 0.13 at may berbal na interpretasyon na Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon. Nangangahulugan ito na ang katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ay lubos na epektibo bilang kagamitang pampagkatuto at sangguniang pangwika.

**Talahanayan 8.**

*Pinagsamang Talahanayan ng katangian ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika*

| ***Mga Salik*** | ***Weighted Mean*** | ***SD*** | ***Berbal naInterpretasyon*** |
|---|---|---|---|
| Kalinawan Ng Kahulugan | 4.98 | 0.12 | Lubhang Mabisa |
| Antas Ng Pag-Unawa | 4.97 | 0.15 | Lubhang Mabisa |
| Kaangkupan | 4.99 | 0.11 | Lubhang Mabisa |
| Hikayat Sa Gamit | 4.99 | 0.11 | Lubhang Mabisa |
| Kultural na Konteksto | 4.97 | 0.15 | Lubhang Mabisa |
| Disenyo | 4.98 | 0.13 | Lubhang Mabisa |
| Teknikal Na Pormat | 4.99 | 0.11 | Lubhang Mabisa |
| *Grand Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.98<br>0.13<br>Lubhang Mabisa | | |

Ang mataas na antas ng pag-unawa at kaangkupan ng mga salita, kasabay ng malakas na hikayat sa paggamit, malinaw na kultural na konteksto, kaaya-ayang disenyo, at wastong teknikal na pormat, ay nagpapatunay na ang diksyunaryo ay nakatutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral at ng komunidad.

**Antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon**

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon ay tumutukoy sa Pagkakaroon Ng Interes, Pamilyaridad**,** Patuloy Na Paggamit Ng Lokal Na Wika**,** Pagtaas Ng Kasanayan, Pagpapahalaga, at Pagtanggap Ng Komunidad.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean*, *standard deviation*, mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 9.**
*Antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon ayon sa Pagkakaroon Ng Interes*

| *Mga Pahayag* <br> *Bilang mag-aaral, naiuugnay ko ang aking sarili at…* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *…naipapakita ang interes na mas interesado pag-aralan ang Wikang Luisianahin.* | 4.99 | 0.09 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nagbunsod ang diksyunaryo sa pagnanais na tuklasin pa ang mga lokal na salita.* | 4.99 | 0.09 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nagkakaroon ng motibasyon na gamitin ang mga salitang lokal sa pang-araw-araw.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nakapupukaw ng atensyon ang pagbasa sa diksyunaryo.* | 4.93 | 0.26 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…naipapamalas na matutunan ang kasaysayan ng Wikang Luisianahin dahil sa proyektong ito.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* <br> *SD* <br> *Berbal na Interpretasyon* | 4.98 <br> 0.12 <br> Lubhang Mabisa | | |

Gayundin, *naipapakita ang interes na mas interesado pag-aralan ang Wikang Luisianahin at nagbunsod ang diksyunaryo sa pagnanais na tuklasin pa ang mga lokal na salita* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.93) na may (*SD* = 0.26), ipinapapakita pa rin nito na *nakapupukaw ng atensyon ang pagbasa sa diksyunaryo***.**

Ang antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon ayon sa Pagkakaroon Ng Interes ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.98 at *standard deviation* na 0.12 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon. Sa kabuoan, Ipinapakita ng resulta na ang diksyunaryong kultural ay epektibong nakapagpapalakas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral sa paggamit at pag-aaral ng Wikang Luisianahin. Ang proyekto ay nagbunsod ng mas mataas na pagpapahalaga sa lokal na wika at kultura, na humihikayat sa mga tagatugon na aktibong tuklasin, gamitin, at pahalagahan ang mga lokal na salita sa kanilang pang-araw-araw na buhay at pagkatuto.

Talahanayan 10 ay nagpapakita ng antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Naiuugnay ng mag-aaral ang kanilang sarili at nagkakaroon ng ideya sa ilang kahulugan ng salita bago ko pa ito mabasa sa diksyunaryo at naaalala ang mga salitang ginagamit ng nakatatanda sa tulong ng diksyunaryong ito* na may (*M* = 5.00) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon sa mga tuntunin ng Pamilyaridad at sinusuportahan ng (*SD* = 0.00).

**Talahanayan 10.**
*Antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon ayon sa Pamilyaridad*

| *Mga Pahayag* <br> *Bilang mag-aaral, naiuugnay ko ang aking sarili at…* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *…nakikilala ang karamihan ng mga salitang nakapaloob sa diksyunaryong kultural.* | 4.99 | 0.09 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…natutukoy kung alin sa mga salita sa diksyunaryo ang ginagamit pa rin sa aming komunidad.* | 4.98 | 0.13 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nagkakaroon ng ideya sa ilang kahulugan ng salita bago ko pa ito mabasa sa diksyunaryo.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nagpapalawak ng dating kaalaman sa lokal na wika ang paggamit ng diksyunaryo.* | 4.93 | 0.25 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…naaalala ang mga salitang ginagamit ng nakatatanda sa tulong ng diksyunaryong ito.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* <br> *SD* <br> *Berbal na Interpretasyon* | 4.98 <br> 0.12 <br> Lubhang Mabisa | | |

Gayundin, *nakikilala ang karamihan ng mga salitang nakapaloob sa diksyunaryong kultural* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.93) na may (*SD* = 0.25), ipinapapakita pa rin nito na *nagpapalawak ng dating kaalaman sa lokal na wika ang paggamit ng diksyunaryo***.**

Ang antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon ayon sa Pamilyaridad ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.98 at *standard deviation* na 0.12 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon. Sa kabuoan, ipinapakita ng resulta na ang diksyunaryong kultural ay mahalagang kasangkapan sa pagpapalawak ng pamilyaridad ng mga mag-aaral sa Wikang Luisianahin. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga tradisyonal at lokal na salita, ang diksyunaryo ay nakatutulong sa pagpapaalala, pag-unawa, at mas malalim na pagpapahalaga sa lokal na wika at kultura, na nagbubunsod ng mas aktibong paggamit at pagpapanatili nito sa pang-araw-araw na buhay at akademikong konteksto.

Talahanayan 11 ay nagpapakita ng antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

*Naiuugnay ng mag-aaral ang kanilang sarili at nakahikayat ang diksyunaryo na ipagpatuloy ang paggamit ng Wikang Luisianahin, naiaangkop ang tamang paggamit ng mga salitang nakasaad sa diksyunaryo sa mga personal o pormal na usapan at napapanatiling epektibo ang gabay ang diksyunaryo upang mapanatili ang lokal na wika sa pang-araw-araw na wika* na may (*M* = 5.00) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon sa mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

tuntunin ng Paggamit Ng Lokal Na Wika at sinusuportahan ng (*SD* = 0.00).

**Talahanayan 11.**

*Antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon ayon sa Paggamit Ng Lokal Na Wika*

| *Mga Pahayag*<br>*Bilang mag-aaral, naiuugnay ko ang aking sarili at…* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *…nakahikayat ang diksyunaryo na ipagpatuloy ang paggamit ng Wikang Luisianahin.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nagagamit ang lokal na wika sa pakikipagkomunikasyon matapos mabasa ang diksyunaryo.* | 4.99 | 0.09 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…naiaangkop ang tamang paggamit ng mga salitang nakasaad sa diksyunaryo sa mga personal o pormal na usapan.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…napapahalagahan ang lokal na wika sa mga talakayan sa paaralan at bahay.* | 4.96 | 0.20 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…napapanatiling epektibo ang gabay ang diksyunaryo upang mapanatili ang lokal na wika sa pang-araw-araw na wika.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.99<br>0.09<br>Lubhang Mabisa | | |

Gayundin, *nagagamit ang lokal na wika sa pakikipagkomunikasyon matapos mabasa ang diksyunaryo* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.96) na may (*SD* = 0.20), ipinapapakita pa rin nito na *napapahalagahan ang lokal na wika sa mga talakayan sa paaralan at bahay*. Ang antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon ayon sa Paggamit Ng Lokal Na Wika ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.99 at *standard deviation* na 0.09 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng resulta na ang diksyunaryong kultural ay hindi lamang sanggunian kundi aktibong gabay sa pagpapaunlad at pagpapanatili ng Wikang Luisianahin. Ang paggamit ng mga salita sa tamang konteksto at sa pang-araw-araw na komunikasyon ay nagpapalakas ng kahusayan sa wika at nagbubunsod ng mas mataas na pagpapahalaga at motibasyon na patuloy na gamitin at isulong ang lokal na wika sa personal at pormal na usapan.

Ang Talahanayan 12 ay nagpapakita ng antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

*Naiuugnay ng mag-aaral ang kanilang sarili at nakakatulong ang diksyunaryo sa pagpapabuti ng pagsasalita at pagsulat gamit ang lokal na wika at nagkaroon ng tiyak at malinaw na kasanayan sa wika dahil sa diksyunaryong kultural* na may (*M* = 5.00) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon sa mga tuntunin ng Pagtaas Ng Kasanayan at sinusuportahan ng (*SD* = 0.00).

Gayundin, *nadagdagan sa tulong ng diksyunaryo ang kakayahang gumamit ng lokal na wika* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.96) na may (*SD* = 0.22), ipinapapakita pa rin nito na *naipapamalas nang madali ang paggamit ng mga salitang lokal sa tamang konteksto*.

**Talahanayan 12.**

*Antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon ayon sa Pagtaas Ng Kasanayan*

| *Mga Pahayag*<br>*Bilang mag-aaral, naiuugnay ko ang aking sarili at…* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *…nadagdagan sa tulong ng diksyunaryo ang kakayahang gumamit ng lokal na wika.* | 4.99 | 0.09 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…mas naiintindihan ang tamang gamit ng mga salitang Luisianahin.* | 4.98 | 0.16 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nakakatulong ang diksyunaryo sa pagpapabuti ng pagsasalita at pagsulat gamit ang lokal na wika.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…naipapamalas nang madali ang paggamit ng mga salitang lokal sa tamang konteksto.* | 4.96 | 0.22 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nagkaroon ng tiyak at malinaw na kasanayan sa wika dahil sa diksyunaryong kultural.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.98<br>0.12<br>Lubhang Mabisa | | |

Ang antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon ayon sa Pagtaas Ng Kasanayan ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.98 at *standard deviation* na 0.12 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon. Sa kabuoan, ipinapakita ng resulta na ang diksyunaryong kultural ay mabisang kasangkapan sa pagpapalawak at pagpapalalim ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Luisianahin. Sa pamamagitan ng malinaw na pagpapakita ng mga salita, tamang konteksto, at praktikal na gabay sa pagsulat at pagsasalita, napapalakas ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

kakayahan ng mga tagatugon na gamitin ang lokal na wika nang wasto at epektibo, na mahalaga sa pagpapaunlad at pagpapanatili ng lokal na wika sa akademikong at pang-araw-araw na komunikasyon.

**Talahanayan 13.**
*Antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon ayon sa Pagpapahalaga*

| *Mga Pahayag*<br>*Bilang mag-aaral, naiuugnay ko ang aking sarili at…* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *…napatunayan ang kahalagahan ng Wikang Luisianahin sa aming kultura.* | 4.98 | 0.13 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…naituro ng diksyunaryo kung paano pahalagahan ang lokal na wika.* | 4.97 | 0.18 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nakita ang papel ng wika sa pagpapalakas ng pagkakakilanlan bilang taga-Luisiana.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nabibigyang halaga na maisalin sa susunod na henerasyon ang lokal na wika.* | 4.93 | 0.26 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…napapabatid na may mahalagang yaman ang mga salitang nakapaloob sa wikang lokal.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.98<br>0.15<br>Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 13 ay nagpapakita ng antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation*, at mga puna.

*Naiuugnay ng mag-aaral ang kanilang sarili at nakita ang papel ng wika sa pagpapalakas ng pagkakakilanlan bilang taga-Luisiana at napapabatid na may mahalagang yaman ang mga salitang nakapaloob sa wikang lokal* na may ($M$ = 5.00) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon sa mga tuntunin ng Pagpapahalaga at sinusuportahan ng ($SD$ = 0.00). Gayundin, *napatunayan ang kahalagahan ng Wikang Luisianahin sa aming kultura* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ($M$ = 4.93) na may ($SD$ = 0.26), ipinapapakita pa rin nito na *nabibigyang halaga na maisalin sa susunod na henerasyon ang lokal na wika***.**

Ang antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon ayon sa Pagpapahalaga ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.98 at *standard deviation* na 0.15 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa kabuoan, ipinapakita ng resulta na ang diksyunaryong kultural ay nakatutulong sa pagpapalakas ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Wikang Luisianahin. Ang pagkilala sa wika bilang yaman ng kultura at bilang bahagi ng identidad ay humihikayat sa mga tagatugon na gamitin, pahalagahan, at ipasa sa susunod na henerasyon ang lokal na wika, na mahalaga sa pagpapanatili at pagpapalago ng kultura at kasaysayan ng Luisiana.

**Talahanayan 14**
*Antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon ayon sa Pagtanggap Ng Komunidad*

| *Mga Pahayag*<br>*Bilang mag-aaral, naiuugnay ko ang aking sarili at…* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *…nakita ang positibong pagtanggap ng komunidad sa diksyunaryong kultural.* | 4.99 | 0.09 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…naobserbahang ginagamit ng mga taong kilala ang Wikang Luisianahin sa pang-araw-araw.* | 4.98 | 0.16 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…nauunawaan ang pagkakaroon ng pagkakaisa ng komunidad sa pagsusulong ng lokal na wika.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…naipapahayag ang interes ng komunidad na mapanatili ang paggamit ng wikang lokal.* | 4.91 | 0.29 | Lubos na sumasang-ayon |
| *…napatunayan handa ang komunidad na tanggapin at gamitin ang diksyunaryong ito bilang gabay sa lokal na wika.* | 5.00 | 0.00 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.98<br>0.11<br>Lubhang Mabisa | | |

Talahanayan 14 ay nagpapakita ng antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation*, at mga puna.

*Naiuugnay ng mag-aaral ang kanilang sarili at nauunawaan ang pagkakaroon ng pagkakaisa ng komunidad sa pagsusulong ng lokal na wika at napatunayan handa ang komunidad na tanggapin at gamitin ang diksyunaryong ito bilang gabay sa lokal na wika* na may ($M$ = 5.00) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon sa mga tuntunin ng Pagtanggap Ng Komunidad at sinusuportahan ng ($SD$ = 0.00). Gayundin, *nakita ang positibong pagtanggap ng komunidad sa diksyunaryong kultural* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ($M$ = 4.91) na may ($SD$ = 0.29), ipinapapakita pa rin nito na *naipapahayag ang interes ng komunidad na mapanatili ang paggamit ng wikang lokal***.**

Ang antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon ayon sa Pagtanggap Ng Komunidad ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.98 at *standard deviation* na 0.11 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sa kabuoan, ipinapakita ng resulta na ang diksyunaryong kultural ay hindi lamang kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral kundi nakapagpapalakas din ng suporta at pakikilahok ng komunidad.

Ang positibong pagtanggap at interes ng komunidad sa paggamit ng lokal na wika ay nagpapatunay na ang proyekto ay mabisang instrumento sa pagsusulong, pagpapanatili, at pagpapalaganap ng Wikang Luisianahin sa mas malawak na konteksto.

**Talahanayan 15.**

*Pinagsamang Talahanayan ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon*

| ***Mga Salik*** | ***Weighted Mean*** | ***SD*** | ***Berbal naInterpretasyon*** |
|---|---|---|---|
| Pagkakaroon Ng Interes | 4.98 | 0.12 | Lubhang Mabisa |
| Pamilyaridad | 4.98 | 0.12 | Lubhang Mabisa |
| Paggamit Ng Lokal Na Wika | 4.99 | 0.09 | Lubhang Mabisa |
| Pagtaas Ng Kasanayan | 4.98 | 0.12 | Lubhang Mabisa |
| Pagpapahalaga | 4.98 | 0.15 | Lubhang Mabisa |
| Pagtanggap Ng Komunidad | 4.98 | 0.15 | Lubhang Mabisa |
| *Grand Mean* | 4.98 | | |
| *SD* | 0.12 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang antas ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga Tagatugon ayon sa Pagkakaroon Ng Interes, Pamilyaridad**,** Paggamit Ng Lokal Na Wika**,** Pagtaas Ng Kasanayan, Pagpapahalaga, at Pagtanggap Ng Komunidad ay nagkaroon ng *grand mean score* na 4.98 at *standard deviation* na 0.12 at may berbal na interpretasyon na Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon. Nangangahulugan ito na ang mga mag-aaral at ang komunidad ay positibong nakikilahok sa pagsusulong at pagpapanatili ng Wikang Luisianahin. Ang mataas na antas ng interes at pamilyaridad ay nagpapakita na aktibo nilang natutuklasan at ginagamit ang lokal na wika, habang ang tamang paggamit at pagtaas ng kasanayan ay nagpatibay sa kakayahang makipagkomunikasyon nang wasto.

**Pagtukoy sa hula/kaugnayan sa pagitan ng demograpikal profayl ng mga tagatugon sa Paglinang ng Lokal na Wika**

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng demograpikal profayl ng mga tagatugon sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Pagkakaroon Ng Interes, Pamilyaridad, Paggamit Ng Lokal Na Wika, Pagtaas Ng Kasanayan, Pagpapahalaga, at Pagtanggap Ng Komunidad ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Regression Analysis.*

Ang *multiple linear regression* ay ginamit para hulaan ang Paglinang ng Lokal na Wika mula sa edad, tagal ng paninirahan at edukasyonal na antas. Ang pangkalahatang modelo ay hindi makabuluhan ayon sa estadistika, nagpapaliwanag ng maliit na bahagi ng *variance* sa Paglinang ng Lokal na Wika, $F$ (3, 175) = .3021, $p$ > .01, $R^2$ = .005.

Talahanayan 16 Batay sa resulta ng multiple linear regression, ang edad, tagal ng paninirahan, at edukasyonal na antas ay hindi makabuluhang nakakaapekto sa Paglinang ng Lokal na Wika ng mga tagatugon. Ipinapahiwatig nito na ang paglinang ng lokal na wika ay higit na naimpluwensyahan ng ibang salik, tulad ng personal na motibasyon, exposure sa lokal na wika, at paggamit ng diksyunaryong kultural, kaysa sa simpleng demograpikal na profayl ng mga tagatugon. Sa madaling salita, ang mga demograpikong katangian ay hindi maaasahang predictor ng kakayahan at interes ng mga tagatugon sa lokal na wika.

**Table 16.**

*Regression Analysis ng demograpikal profayl ng mga tagatugon sa Paglinang ng Lokal na Wika*

a. Dependent Variable: PAGLINANG NG LOKAL NA WIKA_OVERALL

| **ANOVA[a]** | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Model** | | **Sum of Squares** | **df** | **Mean Square** | **F** | **Sig.** |
| 1 | Regression | 0.0006 | 3 | 0.0002 | 0.3021 | 0.8238 |
| | Residual | 0.114 | 175 | 0.0007 | | |
| | Total | 0.114 | 178 | | | |
| a. Dependent Variable: PAGLINANG NG LOKAL NA WIKA _OVERALL | | | | | | |
| b. Predictors: (Constant), EDAD_OVERALL, TAGAL NG PANINIRAHAN_OVERALL, EDUKASYONAL NA ANTAS_OVERALL | | | | | | |

| **Coefficients[a]** | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Model** | | **Unstandardized Coefficients** | | **Standardized Coefficients** | t | Sig. |
| | | **B** | **Std. Error** | **Beta** | | |
| 1 | (Constant) | 4.9748 | 0.0088 | 4.9921 | 566.52 | 0.0000 |
| | EDAD_OVERALL | -.0004 | 0.0005 | 0.0005 | -0.8936 | 0.3728 |
| | TAGAL NG PANINIRAHAN_OVERALL | 0.0006 | 0.0007 | 0.0021 | 0.8322 | 0.4064 |
| | EDUKASYONAL NA ANTAS_OVERALL | 0.0015 | 0.0033 | 0.0079 | 0.4507 | 0.6528 |
| | | | | | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng Wikang Luisianahin Batayan sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika**

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Wikang Luisianahin Batayan sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika ayon sa Pagkakaroon Ng Interes, Pamilyaridad, Paggamit Ng Lokal Na Wika, Pagtaas Ng Kasanayan, Pagpapahalaga, at Pagtanggap Ng Komunidad, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.

**Talahanayan 17.**

*Makabuluhang Kaugnayan ng Wikang Luisianahin Batayan sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika*

| ***Wikang Luisianahin*** | | **Pagkakaroon Ng Interes** | **Pamilyaridad** | **Paggamit Ng Lokal Na Wika** | **Pagtaas Ng Kasanayan** | **Pagpapahalaga** | **Pagtanggap Ng Komunidad** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Kalinawan ng Kahulugan | Pearson Correlation | .008 | .103 | .063 | .016 | -.02 | .018 |
| | Sig. (2-tailed) | .414 | .410 | .160 | .500 | .160 | .330 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 |
| Antas ng Pag-unawa | Pearson Correlation | .045 | -.040 | -.090 | -.030 | -.150 | -.090 |
| | Sig. (2-tailed) | .150 | .160 | .016 | .111 | .429 | .270 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 |
| Kaangkupan | Pearson Correlation | .031 | -.080 | .092 | .040 | -.100 | -.030 |
| | Sig. (2-tailed) | .235 | .247 | .283 | .310 | .073 | .265 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 |
| Hikayat sa Gamit | Pearson Correlation | .129 | .019 | .080 | .029 | -.110 | -.041 |
| | Sig. (2-tailed) | .310 | .320 | .204 | .405 | .111 | .258 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 |
| Kultural na Konteksto | Pearson Correlation | .119 | .037 | -.090** | .137 | -.080 | .029 |
| | Sig. (2-tailed) | .101 | .111 | .011 | .064 | .358 | .211 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 |
| Disenyo | Pearson Correlation | -.110 | .087 | .051 | .101 | .042 | .072 |
| | Sig. (2-tailed) | .418 | .410 | .067 | .320 | .267 | .294 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 |
| Teknikal na Pormat | Pearson Correlation | .019 | .-.090 | .070 | .029 | -.010 | -.009 |
| | Sig. (2-tailed) | .320 | .328 | .220 | .405 | .101 | .354 |
| | N | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 | 119 |

Walang nakitang istatistikang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Wikang Luisianahin Batayan sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural sa Paglinang ng Lokal na Wika $r$ (119) $p > .05$). Ito ay nagpapahiwatig na sa loob ng grupong ito, ang Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural ay hindi makabuluhang hinulaan ang Paglinang ng Lokal na Wika, at ito ay salungat sa ilang anecdotal na inaasahan. Batay sa resulta, walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Wikang Luisianahin sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural at ng Paglinang ng Lokal na Wika ng mga tagatugon. Ipinapahiwatig nito na sa loob ng grupong sinaliksik, ang kalidad o katangian ng diksyunaryong kultural ay hindi direktang nakakaapekto sa interes, kasanayan, at paggamit ng lokal na wika. Bagamat maaaring inaasahan na positibong makakaimpluwensya ang diksyunaryo, ang datos ay nagpapakita na marahil ang ibang salik, tulad ng personal na motibasyon, suporta ng guro, o karanasan sa komunidad, ang mas malakas na determinante sa paglinang ng lokal na wika.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sa pagbuo ng isang diksyunaryong kultural, ang pagkakaroon ng malinaw na kahulugan ay hindi lamang isang teknikal na layunin kundi isa ring kultural na responsibilidad. Pinatitibay nito ang koneksyon ng wika sa kultura, at tinitiyak na ang wika ay naiintindihan ng bawat kasapi ng pamayanan, lalo na ng kabataang magiging tagapagmana nito. Ang kawalan ng malinaw na kahulugan ay nagiging daan sa pagkalito, maling paggamit, at kalaunan, pagkalimot.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

1. Ang profayl, tagal ng paninirahan, at edukasyonal na antas ay hindi nagkaroon ng makabuluhang epekto sa Paglinang ng Lokal na Wika ng mga tagatugon kung kayat ang haypoteses ay tinanggap. Ipinapahiwatig nito na ang paglinang ng lokal na wika ay higit na naimpluwensyahan ng ibang salik, tulad ng personal na motibasyon, exposure sa lokal na wika, at paggamit ng diksyunaryong kultural, kaysa sa simpleng demograpikal na profayl ng mga tagatugon. Ipinapakita nito na ang personal na katangian ng mga tagatugon ay hindi nakakaapekto sa kanilang antas ng paggamit at pagpapahalaga sa lokal na wika.

2. Natuklasan din na ang Wikang Luisianahin batayan sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kultural ay hindi nagkaroon ng makabuluhang kaugnayan sa Paglinang ng Lokal na Wika kung kaya't ang haypoteses ay tinanggap rin. Sa kabila ng mataas na antas ng kaalaman sa diksyunaryo, hindi ito direktang nakahuhula o nakakaapekto sa aktibong paglinang ng lokal na wika ng mga tagatugon.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan at konklusyon na nabuo, ang mga sumusunod ay inirerekomenda:

1. Iminumungkahi sa mga Guro na gamitin ang nabuong diksyunaryong kultural bilang kagamitang panturo sa mga asignaturang Filipino, Panitikan, at Araling Panlipunan upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa lokal na wika at kulturang kinagisnan. Inirerekomenda rin na isama ito sa mga talakayan at gawain sa klase upang mahikayat ang aktibong paggamit ng Wikang Luisianahin sa pasulat at pasalitang komunikasyon.

2. Inirerekomenda sa mga Paaralan na suportahan ang paggamit ng diksyunaryong kultural bilang bahagi ng kagamitang pampagtuturo sa pamamagitan ng integrasyon nito sa mga aralin at pagbibigay ng sapat na materyales at suporta sa mga guro. Sa ganitong paraan, mapapalakas ang implementasyon ng mother tongue-based education at mas magiging makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

3. Iminumungkahi sa Administrasyon ng Paaralan at Tagapagdesenyo ng Kurikulum na gamitin ang resulta ng pag-aaral bilang batayan sa pagbuo ng mga lokalized learning materials at mga gawaing integratibo na nakatuon sa pagpapayaman ng wikang katutubo at kulturang lokal.

4. Inirerekomenda sa Mamamayan ng Luisiana na patuloy na gamitin ang Wikang Luisianahin sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan upang mapanatili at mapalakas ang kanilang pagkakakilanlang kultural at maiwasan ang unti-unting pagkawala ng lokal na wika

5. Binibigyang suhestiyon sa Lokal na Pamahalaan na magpatupad ng mga programang pangkultura at pang-edukasyon na nagtataguyod ng Wikang Luisianahin sa pamamagitan ng mga proyekto, pagsasanay, at aktibidad na nakatuon sa lokal na wika at identidad.

6. Iminumungkahi sa mga susunod na mananaliksik sa Hinaharap na magsagawa pa ng mga kaugnay na pag-aaral na nakatuon sa iba pang salik na nakaaapekto sa paglinang ng lokal na wika at sa pagpapayaman ng mga diksyunaryong kultural sa iba't ibang komunidad sa bansa.

## SANGGUNIAN

1. *Santiago, C. (2020). Wika, Kultura, at Identidad: Mga Pagpapahalaga sa Panahon ng Pagkakawatak-watak. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino.*
2. *Shard R. (2016). How to Develop and Produce Simple Learning Materials with Limited Resources at Community Level. Retrieved from: http://www.accu.or.jp/litdbase/pub/dlperson/pdf0106/rpp25.pdf (March 11, 2017).*